



## **Sinabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya: Walang makukuhang gantimpala mula sa Akin ang alipin kong mananampalataya, kapag binawian ko ng buhay ang minamahal niya sa mundo, pagkatapos ay nagtiis at hinangad niya gantimpala nito, maliban sa Paraiso**

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya-Hadith na Marfu-: ((Sinabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya: Walang makukuhang gantimpala mula sa Akin ang alipin kong mananampalataya, kapag binawian ko ng buhay ang minamahal niya sa mundo, pagkatapos ay nagtiis at hinangad niya gantimpala nito, maliban sa Paraiso))

[Tumpak.] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārī.]

Ipinapaalam ng Propeta-sumakanya ang pangangalaga-sa Hadith Al-Qudsiy na ito; na ang sinumang mabigyan ng pagsubok sa pagkawala ng minamahal niya mula sa kanyang mga kamag-anak o sa mga tulad nito. Kapag nagtimi ang tao sa pagkamatay ng sinumang pinili Niya sa mga tao at nakita Niyang ito ay may malakas na kaugnayan sa kanya, katulad ng anak, kapatid, tiyuhin, ama, o ina, o malapit na kaibigan, kapag Kinuha siya ni Allah-kamahalmahalan Siya at kapita-pitagan-pagkatapos at nagtimi ang taong ito [at hinangad ang gantimpala], walang siyang ibang makakamit ng gantimpala maliban sa Paraiso

<https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3162>

